IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# KAHANDAAN SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG MABISANG KOMUNIKASYON SA STRENGTHENED SENIOR HIGH SCHOOL CURRICULUM TRANSITION

Ralph G. Bansawan [1]
Estrella B. Salazar [2]

*Graduate School, Holy Cross of Davao College, Davao City, Philippines*

[1]ORCID: 0009-0009-7163-6536
[2]ORCID: 0000-0003-0787-183X

https://doi.org/10.5281/zenodo.20428569

## ABSTRACT

Ang kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Mabisang Komunikasyon ay nananatiling isang malaking hamon sa pagpapatupad ng *Strengthened Senior High School Curriculum*. Sinuri sa pag-aaral na ito ang suliraning kinakaharap ng mga guro sa Filipino kaugnay sa kahandaan sa pagtuturo batay sa kanilang pananaw. Ginamit ang kuwalitatibong-deskriptibong disenyo ng pananaliksik. Purposibong pinili at kinapanayam sa pamamagitan ng *in-depth interview* ang walong kalahok, at isinailalim sa tematikong pagsusuri ang mga datos. Natuklasang ang kahandaan sa pagtuturo sa panahon ng pagbabago ng kurikulum ay nahaharap sa estruktural, pedagohikal, operasyonal, at kontekstuwal na mga hamon. Kabilang dito ang kakulangan sa kagamitang panturo, limitadong pagsasanay, at pag-angkop sa mga pagbabago sa kurikulum. Sa kabila nito, naipakita ng mga guro ang pagkamalikhain, adaptabilidad, pagiging mapamaraan, at patuloy na pagkatuto sa gitna ng transisyon. Inirerekomenda sa mga tagapagplano ng kurikulum ang pagpapaunlad ng gabay pangkurikulum sa Filipino at paglalaan ng sapat na pagsasanay para sa mga guro. Para sa mga susunod na pag-aaral, maaaring magsagawa ng kuwantitatibong pagsusuri gamit ang *multiple linear regression*, *exploratory factor analysis*, at *structural equation modeling* upang higit na mapagtibay ang mga salik na nakaaapekto sa kahandaan sa pagtuturo.

**Mahahalagang Salita:** *Kahandaan sa pagtuturo, asignaturang mabisang komunikasyon, strengthened senior high school curriculum, transition*

## INTRODUKSIYON

Bilang isang guro at mananaliksik, napag-alaman kong ang kakulangan sa kahandaan ng mga guro ay nananatiling pangunahing suliranin sa transisyon ng kurikulum, lalo na sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa ilalim ng *Strengthened Senior High School Curriculum*. Ang walang sapat na kahandaan ng guro ay nagiging hadlang ito sa maayos at epektibong pagpapatupad ng mga repormang pangkurikulum (Darling-Hammond et al., 2017).

Lumilitaw din ang magkakatulad na suliranin sa iba't ibang bansa tulad ng Singapore, Australia, United Kingdom, at Thailand, kung saan karaniwang kinakaharap ng mga guro ang limitadong pagsasanay, at pag-angkop sa bagong kurikulum, at kakulangan sa suportang pedagohikal sa panahon ng *curriculum transition* (Harris & Smith, 2023; Lim & Tan, 2022; Pakdee et al., 2025; Parker, 2021).

Sa Pilipinas, malinaw kong nakita na ang mga guro ay patuloy na nakararanas ng kakulangan sa kahandaan sa pagbabago ng kurikulum (Teacher Education Council, 2024; Bernardo et al., 2020; Ancho & Bongco, 2019). Sa lokal na antas, ganito rin ang lumilitaw na karanasan ng mga guro sa iba't ibang lungsod, kung saan nananatili ang hamon sa kanilang kahandaan sa pagtuturo (Gamalo & Abellana, 2025; Escasinas, 2025; Cailo et al., 2025). Ipinapakita nito na ang suliranin sa kahandaan ng guro ay patuloy at hindi pa ganap na nalulutas.

Batay sa umiiral na literatura, karamihan sa mga pag-aaral ay gumamit ng survey o kuwantitatibong disenyo sa pagsusuri ng kahandaan ng mga guro sa panahon ng transisyon ng kurikulum. Nananatiling limitado ang kwalitatibong pag-unawa sa aktwal na danas ng mga guro kaugnay ng kanilang paghahanda at pag-aangkop ng pagtuturo sa panahon ng transisyon ng kurikulum (Chin et al., 2022). Kaugnay nito, layunin ng aking pag-aaral na ilarawan ang danas ng mga piling guro sa dibisyon ng Koronadal at South Cotabato na nagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa pilot implementation ng *Strengthened SHS Curriculum* partikular sa kanilang paghahanda, mga hamon sa pagtuturo, at uri ng mga suportang nakatulong sa kanilang pagganap bilang guro.

Sa ganitong konteksto, mahalagang pag-aaralan ang kalagayan ng mga gurong Filipino upang matukoy ang mga suliranin sa kanilang kahandaan, at pedagohiya sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon. Ang kakulangan sa agarang pagsusuri sa mga hamong ito ay maaaring makaapekto sa kalidad ng implementasyon ng asignatura at sa kabuuang layunin ng repormang pangkurikulum. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahang mapupunan ang kakulangan sa empirikal na datos hinggil sa kasalukuyang transisyon ng kurikulum at makapag-ambag sa higit na mas malinaw na pag-unawa at pagpapaunlad ng mga susunod na reporma sa edukasyon.

### Kahalagahan ng Pag-aaral

Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil magbibigay ito ng panimulang pananaw sa Kagawaran ng Edukasyon hinggil sa *Strengthened SHS Curriculum*. Una, nakatulong ito

sa mga guro na maipahayag ang kanilang pangangailangan sa mga pagsasanay, materyales, at suporta para sa matagumpay na pagtuturo. Ikalawa, nagbibigay ito ng daan para sa mga mag-aaral, lalo na sa kanilang akademikong kahandaan at karanasan sa pagkatuto. Ikatlo, magiging gabay ito para sa mga administrador at policymakers, mula sa publiko at pribadong mga institusyon, sa pagbuo ng mas epektibong haligi para sa pagbabago sa kurikukum, pagpapaunlad sa guro, at paghatid ng suporta. Ang pag-aaral na ito ay mahalagang ambag sa pagpapalakas ng implementasyon ng *Strengthened SHS Curriculum* at sa pagsusulong ng isang edukasyong higit na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral, mga guro, at ng lipunan.

## Layunin ng Pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na ito na ilarawan ang suliraning kinakaharap ng mga guro sa Filipino kaugnay sa kahandaan sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa *Senior High School Curriculum transition* batay sa kanilang pananaw.


Mga tiyak na katanungan na mariing sinagot.

1. Ano-ano ang sitwasyon sa kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Mabisang Komunikasyon sa panahon ng transisyon?
2. Ano-ano ang sariling paghahanda ng mga guro, bago at habang itinuturo ang asignaturang Mabisang Komunikasyon sa panahon ng transisyon?
3. Ano-anong suporta ang natatanggap ng mga guro upang mapaghandaan ang pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa panahon ng transisyon?
4. Ano-anong estratehiya na ginagamit ng mga guro sa Filipino upang maitaguyod ang mabisang pagtuturo ng asignaturang Mabisang Komunikasyon sa panahon ng transisyon?

## Teoretikal na Lente

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa *Transition Theory* ni Nancy Schlossberg (1981). Ayon sa teoryang ito, ang transisyon ay anomang pangyayari o hindi inaasahang pangyayaring nagdudulot ng pagbabago sa mga tungkulin, ugnayan, gawi, o paniniwala ng isang indibidwal, at ang epekto nito ay nakasalalay sa kung paano ito inuunawa at tinutugunan ng tao. Binibigyang-diin ng teorya na ang transisyon ay isang proseso ng pag-aangkop at hindi isang iisang pangyayari lamang, na hinuhubog ng ugnayan ng apat na pangunahing salik na tinatawag na *4S system*: *situation, self, support,* at *strategies*. Sa pamamagitan ng balangkas na ito, ipinapakita ni Schlossberg na ang matagumpay na pagharap sa pagbabago ay hindi nakasalalay sa mismong pagbabago kundi sa mga rekurso ng indibidwal at sa kanyang pagbibigay-kahulugan sa karanasang pinagdaraanan. Sa kasalukuyang pag-aaral, ginamit ang nasabing teorya upang ilarawan ang kahandaan sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon ng mga guro sa Filipino sa konteksto ng transisyong *Strengthened SHS Curriculum*.

### Paradigma




**Talaguhitan 1.** Transition Theory ni Nancy Schlossberg (1981)

## METODO

Sa bahaging ito, tinalakay ang disenyo ng pananaliksik, pook ng pananaliksik, kalahok at teknik sa pagpili ng kalahok, teknik ng paglikom at pagsusuri ng datos.

### Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral na ito ng disenyong kwalitatibong deskriptibo na angkop sa paglalayong mailarawan nang tuwiran at komprehensibo ang karanasan ng mga kalahok sa kanilang likas na konteksto (Sandelowski, 2000; Kim et al., 2017), kung saan inilalarawan ang penomenon sa payak na termino batay sa aktuwal na datos at pahayag ng mga kalahok nang walang malawak na abstraksiyon o teorya (Sandelowski, 2000), kadalasang isinasagawa sa pamamagitan ng panayam at tematikong pagsusuri upang matukoy ang mga patern at kahulugan (Colorafi & Evans, 2016), at nagreresulta ito sa malinaw at kapaki-pakinabang na paglalahad para sa praktis at polisiya; kaya ginamit ito upang masuri ang karanasan ng mga gurong Filipino sa paghahanda at pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa panahon ng transisyon ng *Strengthened SHS Curriculum* at maipakita ang esensya ng kanilang mga hamon, estratehiya, at suportang natatanggap sa aktuwal na pagtuturo.

### Pook ng Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa mga piling *pilot school* ng *Strengthened Senior High School Curriculum* na itinalaga ng *Department of Education* (DepEd) sa dibisyon ng South Cotabato at Koronadal, na pinili dahil sila ang mga unang nagpatupad ng bagong kurikulum at nagbigay ng aktuwal na larawan ng transisyon sa implementasyon, partikular sa asignaturang Mabisang Komunikasyon, kung saan naobserbahan ang mga pagbabago sa pagtuturo at pagkatuto, mga hamon ng guro, pag-aangkop sa pedagohiya, at tugon ng mga mag-aaral sa bagong kahingian, kaya't naging angkop ang mga paaralang ito bilang pinagmumulan ng awtentikong datos hinggil sa karanasan ng mga gurong Filipino sa gitna ng repormang pang-edukasyon.

## Kalahok at Teknik sa Pagpili ng Kalahok

Ang aking mga kalahok ay binubuo ng walong (8) guro na pinili batay sa sumusunod na pamantayan ng inklusyon: (1) may asignaturang itinuturo sa *Senior High School;* (2) kasalukuyang nagtuturo ng asignaturang Mabisang Komunikasyon sa mga piling *pilot school* sa South Cotabato at Koronadal; (3) may hindi bababa sa tatlong taong karanasan sa pagtuturo sa *Senior High School*; (4) nakapagturo o kasalukuyang nagtuturo ng mga asignaturang Filipino sa ilalim ng *Most Essential Learning Competencies curriculum*, partikular ang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino (Filipino 1), Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik (Filipino 2), at/o Filipino sa Piling Larangan (Filipino 3); at (5) kusang-loob na pumayag na lumahok sa pag-aaral. Pinili ko sila sapagkat sila mismo ay nakaranas ng transisyon ng kurikulum at may tuwirang ugnayan sa mga pagbabagong kaakibat nito.

Sa pag-aaral na ito, ginamit ko ang *purposive sampling* sa pagpili ng mga kalahok. Ang *purposive sampling* ay isang uri ng *non-probability sampling* kung saan sadyang pinipili ang mga kalahok dahil taglay nila ang tiyak na kaalaman o karanasan na tuwirang kaugnay ng paksa ng pananaliksik (Palinkas et al., 2015) at penomenong sinisiyasat (Etikan et al., 2016). Sa konteksto ng aking pananaliksik, ito ay ginamit upang matiyak na ang makakalap na datos ay nagmumula sa mga gurong may tuwirang karanasan sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa ilalim ng *Strengthened SHS Curriculum* sa mga *pilot school*.

## Teknik sa Paglikom ng Datos

Para sa paglikom ng datos sa pag-aaral na ito, ginamit ko ang paraang *In-Depth Interview*, isang kwalitatibong teknik na nagbigay-daan upang makuha ang malalim at detalyadong impormasyon mula sa mga kalahok (Kvale & Brinkmann, 2009). Ayon sa mga eksperto, epektibo ang *IDI* sa pagtuklas ng masalimuot na pananaw at danas ng mga kalahok, na hindi madaling makuha sa pamamagitan ng talatanungan (Marshall & Rossman, 2016; Patton, 2015). Sa pamamaraang ito, nakipag-usap ako bilang mananaliksik nang personal sa bawat kalahok gamit ang mala-estrukturadong panayam.

Bumuo ako ng mala-estrukturadong gabay na tanong na naglalaman ng mga bukas na tanong. Nakatuon ang mga tanong sa: (1) danas na kinaharap sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon, (2) sariling paghahandang ginawa bago at habang nasa pagtuturo, (3) suportang natanggap, at (4) estratehiya o paraan na kanilang ginawa upang makibagay sa transisyon. Dagdag pa, isinailalim ko ang gabay na tanong sa ilang yugto ng balidasyon ng mga eksperto upang masiguro ang kalinawan, kaugnayan, at pagiging angkop nito.

## Teknik ng Pagsusuri ng Datos

Ginamit ko sa pag-aaral  ang tematikong analisis. Ang tematikong analisis ay isang pamamaraang kwalitatibo na ginagamit upang tukuyin, suriin, at iulat ang mga padron o tema sa loob ng datos, na nagbibigay ng masinsin at detalyadong paglalarawan ng mga

karanasan ng mga kalahok (Braun at Clarke, 2006). Karaniwan itong ginagamit sa kwalitatibong pananaliksik kapag layunin ang pagbibigay-kahulugan sa mga naratibo at pagtuklas ng mahahalagang tema sa mga karanasan (Nowell et al., 2017). Sinunod ko ang sumusunod na hakbang. Una, paulit-ulit kong binasa ang mga transkripsyon ng panayam upang maging pamilyar ako sa datos. Ikalawa, bumuo ako ng mga paunang kodigo batay sa binasa. Ikatlo, inayos ko ang mga kodigo at pinangkat ang mga magkakaugnay na ideya upang makabuo ng mga posibleng tema. Ikaapat, nirepaso at pinino ko ang mga tema. Panghuli, binigyang-kahulugan ko ang mga temang nagsilbing batayan ng aking mga konklusyon, at rekomendasyon. Sa pamamagitan ng sistematikong prosesong ito, naipakita ko ang lalim ng mga karanasang may buhay ng mga guro sa Filipino sa panahon ng transisyong *Strengthened SHS Curriculum*.

## RESULTA

Sa kabanatang ito, inilahad ko ang naging resulta ng aking pag-aaral hinggil sa suliraning kinaharap ng mga guro sa Filipino kaugnay sa kahandaan sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa *Strengthened SHS Curriculum transition* batay sa kanilang pananaw. Batay sa aking pakikipanayam sa walong (8) guro matapos ang isang taong implementasyon, natuklasan kong sabay-sabay nilang hinarap ang proseso ng pag-aangkop sa bagong kurikulum sa gitna ng iba't ibang hamon bago at habang isinasagawa ang pagtuturo. Mula sa kanilang salaysay, lumitaw ang mga temang kaugnay ng hamon, paghahanda, suportang natanggap, at estratehiya sa pag-aangkop.

### *Sitwasyon ng Kahandaan sa Pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa panahon ng Transisyon ng mga Guro sa Filipino*

Batay sa aking nakalap at nasuring datos, natukoy ko na sa panahon ng transisyon tungo sa *Strengthened Senior High School Curriculum* sa walong (8) paaralan sa Dibisyon ng Koronadal at South Cotabato, may apat (4) na pangunahing suliraning natukoy ng mga guro sa Filipino sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon: (a) estruktural, (b) pedagohikal, (c) operasyonal, at (d) kontekstuwal-teknikal.

### *Estruktural na Hamon*

Sa naging resulta ng aking pag-aaral, lumitaw na ang estruktural na hamon ang pangunahing pagsubok na kinaharap ng mga guro sa Filipino sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon. Batay sa salaysay ng mga kalahok, nakitang ang hamong ito ay nakaugat sa kakulangan ng mga batayang sangkap ng pagtuturo: kawalan ng opisyal na aklat at malinaw na gabay sa pagpapatupad ng mga bagong kasanayan, na nagdulot ng kalabuan sa direksiyon ng pagtuturo at nag-udyok sa mga guro na umasa sa sariling interpretasyon at inisyatiba sa pagbuo ng kanilang mga aralin.

Sa unang bahagi ng aking pakikinig, agad kong naramdaman ang kawalan ng matibay na sandigan ng mga guro, *kakulangan ng kagamitang panturo bilang sandigan ng pagtuturo*. Kagaya ng ibinahagi ng ilang guro "*Hamon din sa amin ang walang aklat*" (*IDI-K1-p1-L7)*, at *"walang mga kagamitan or babasahin na materyal na ipinadala para gamitin ng mga guro"* (*IDI-K5, p1, L21-23*). Sa mga salitang ito, malinaw kong narinig ang

isang paulit-ulit na hinaing—ang kawalan ng konkretong gabay.Habang pinagmamasdan ko ang kanilang mga pahayag, tila ang bawat guro ay naglalakbay nang mag-isa sa pagbuo ng aralin. Dahil dito, ramdam ko ang bigat ng kanilang paghahanda—parang nagtatayo ng bahay nang walang plano at materyales, ngunit inaasahang tapos agad.

Kasunod nito, mas lalong lumitaw mula sa salaysay ang ***kalituhan sa estruktura ng kurikulum.*** *"Ang ibinigay lang sa amin ay competencies na dapat matamo sa isang taon"* (*IDI-K4, p2, L47)*, at "…*hindi siya ganoon kahan-ay kasi ang nakalagay lang doon ay competencies…* [… Hindi siya ganoon na organisado dahil ang nakalagay lang ay kasanayan…]*"* (*IDI-K7, p2, L58-62)*

Dagdag pa ng kalahok 2:

> *"Malaking hamon yung paghahanap (ng sanggunian). Kasi given naman ng Kagawaran ng Edukasyon ang competencies. Ano ba talaga yung ituturo sa mga kompetensi na 'to. Ano yung scope ng paksa na yun ang hahanapin natin." (IDI-K2, p1, L11-15)*

Habang kinapanayam ko ang mga kalahok ay makikita ang pagkadismaya at pag-aalinlangan sa direksiyon ng asignatura dahil sa kalabuan at 'di-kompletong gabay.Dagdag pa, nakita ko ang kanilang pag-aalinlangan sa bawat hakbang ng pagtuturo. Dahil dito, naramdaman ko ang pagkapit nila sa kompetensi bilang tanging gabay—kahit hindi ito sapat upang buoin ang buong aralin.

### *Pedagohikal na Hamon*

Lumitaw ring pangunahing hamon sa aking pagsusuri ang pedagohikal na hamon. Dito, umiikot naman ito sa aktuwal na proseso ng pagtuturo, kung saan patuloy na hinaharap ng guro ang mga tanong kung paano ituturo ang bawat kasanayan, alin ang dapat unahin, alin ang dapat palalimin, at paano lilinawin ang mga paksang nananatiling malabo sa kurikulum.

Kapansin-pansin ang pahayag hinggil sa ***pag-uulit ng kasanayan*** sa iba't ibang markahan. Sa aking pakikinig, hindi lamang ito simpleng repetisyon kundi nagiging sanhi ng pagdududa sa layunin ng kurikulum. Tulad ng ibinahagi ng kalahok 7, 2, at 6:

> "*…from first to fourth quarter halos ang competencies ay pabalik-balik na lang…*" *(IDI-K7,p2-3,L86-94)*
> "*Dito kasi parang paulit-ulit. No? Di-berbal at berbal. Kasi in the end, yun ang magiging core, berbal at di-berbal*" *(IDI_K02,p2,L72-75)*
> *"Andaming competencies. Andami at paulit-ulit. Haimabwa hindi nawawala ang tekstong pasulat, pasalita at multimodal." (IDI_K06,p2,L81-82)*

Sa aking pagtingin, bagama't maaaring layunin nito ang *spiraling approach*, nagiging problematiko ito kapag walang malinaw na progresyon ng lalim o lawak ng kasanayan. Dahil dito, ang guro ay naiiwan sa tanong kung paano mapauunlad ang pagkatuto kung tila umiikot lamang ang nilalaman.

Mula rito, natural na sumusunod ang ***kalabuan ng paksa***. Sa aking narinig, ang *competencies* ay nananatiling 'di-tiyak at hindi agad maisasalin sa konkretong aralin kung kaya kasunod ito na naging problema. Pinatutunayan ito ng mga pahayag na *"…kailangan pa naming i-unpack…" (IDI_K04, p2, L76-78); "tanging competency lang ang nakalagay…" (IDI_K01, p2, L70-71); "activities lang… wala siyang specific topic…" (IDI_K07, p2, L86-94); "ano ngayon yung swak na ituturo…" (IDI_K02, p1, L42).*. Ipinapakita nito na ang guro ay hindi lamang tagapagpatupad kundi nagiging tagapagbuo ng mismong nilalaman ng kurikulum.

At panghuli, ang dalawang naunang hamon ay humahantong sa ***pangamba sa misinterpretasyon***. Sa aking mga narinig, malinaw ang paglitaw ng kawalan ng katiyakan sa pagtuturo kagaya ng mga pahayag ng kalahok 7 at 2: "*baka mali ang interpretation ko…*" (IDI_K07, *p3, L97*) at "*parang naka-hang tayo sa ere…*" (IDI_K02 *p2, L43*). Sa akin, naramdaman kong ang pangambang ito ay hindi lamang personal na karanasan kundi sistemikong epekto ng kakulangan sa gabay at estruktura. Ang guro, sa halip na maging kumpiyansa sa kanyang pagtuturo, ay napipilitang magduda at maghanap ng kumpirmasyon.

### *Operasyonal na Hamon*

Samantala, sa aking pagpapalalim pa sa mga salaysay ng mga kalahok, nabuo ko ang isang malinaw na larawan ng operasyonal na hamon, isang realidad na hindi lamang umiikot sa kakulangan ng oras, kundi sa sabayang pagharap sa dami ng gawain at hindi pagtutugma ng mga tungkulin.

Sa simula, agad kong naramdaman mula sa salaysay ang paninibago sa ***limitasyon ng oras*** ng pagtuturo ng asignatura. Habang pinakikinggan ko ang mga guro, tila ba ang oras nila ay laging kulang at hinahabol. Tulad ng ibinahagi ng isang kalahok, "*…binigay sa iyo na soft copy na lesson exemplar na i-unpack mo siya. So sa loob ng isang linggo, isa o dalawang beses lang kami magkita*" (IDI_K04, p2, L-79-80). Idinagdag pa ng isang kalahok:

> "*Naparami nang gawaing ibingay ng DEPED sa exemplar pero palagay ko hindi kaya talagang gawin sa isang oras lamang… hindi siya compatible sa isang oras na pagtuturo*" (IDI_K06, p2, 24-27).

Sa ganitong kalagayan, malinaw kong nakita na ang inaasahang lalim ng pagkatuto ay nasasakripisyo, sapagkat ang oras ay hindi sapat upang mapagdaanan ang proseso ng pag-unawa, pagsasanay, at pagtataya. Kahit pa may mga estratehiyang maaaring gamitin, aminado ang isang kalahok na "*need time to prepare kasi need mo talaga siyang i-absorb lahat bago ka makagawa ng sariling mong topics din*" (IDI_K07, p2, L54-56). Dito ko naramdaman ang patuloy na pagtakbo ng guro laban sa oras, hindi upang magpalalim, kundi upang makahabol.

Mula sa kakulangan ng oras, lumitaw naman ang ***hamon sa pagpili ng angkop na gawain***. Sa aking pakikinig, hindi kakulangan kundi kalabisan ang problema—napakaraming maaaring gawin, ngunit hindi lahat ay kayang isagawa. "*Sa kadami ng*

*gawain sa lesson exemplar, halos di na siya maituro lahat… mga activities lang lahat siya ngunit walang gabay*" (IDI_K06, p2, L83). Dahil dito, napipilitan ang guro na magsala at magdesisyon: "*ang challenge ko naman doon ay sa oras ng pagbabasa at pag-decide kung saan dito ang pipiliin ko*" (IDI_K01, p1, L-36-39).

Sa kabilang banda, ipinakita rin ang ***kawalan ng malinaw na direksyon***: "*kasi… competencies lang yung magiging basis mo… hindi mo alam ang magiging topics mo*" (IDI_K07, P2 L61-62), at "*nandoon yung suggested activities pero… ano yung scope ng paksa… ano ba yung eksaktong estratehiya…*" (IDI_K02, p, L42-43). Sa aking pag-unawa, ang kalabisan ng opsiyon na walang malinaw na pamantayan ay nagiging dahilan ng hindi pagkakapare-pareho ng implementasyon. Dito ko naramdaman ang pag-aalinlangan ng guro kung ang kanilang napiling gawain ba ay sapat at tama.

Higit pang naging komplikado ang sitwasyon dahil sa ***hindi pagtutugma ng teaching load*** ng guro. Sa aking pakikinig, may mga guro na napilitang magturo ng asignaturang hindi nila espesyalisasyon: "*Nagturo din ako sir ng III sa TechPro dahil sa underload…*" *(IDI_K08, p2, L66) at* "*Binigyan po ako ng KPLP na hindi talaga bahagi ng old cur. Bago…*" *(IDI_K06, p2, L50-51).*

Bagama't may ilan ding nakakita ng positibong aspekto, "*good thing ang Kasaysayan, PKLP ay nasa wikang Filipino na*" (IDI_K05), hindi maikakaila na nagdudulot ito ng dagdag na hamon sa paghahanda at kumpiyansa sa pagtuturo.

***Kontekstuwal at Teknikal na Hamon***

Sa pagpapatuloy na pakikinig sa salaysay ng mga guro, unti-unting nahubog sa aking isipan ang isang mas malawak na larawan ng kanilang karanasan, isang kontekstong hindi nila ganap na kontrolado ngunit patuloy nilang kinakaharap araw-araw. Sa simula, tila ang usapin ay nakatuon lamang sa sariling kahandaan, ngunit habang lumalalim ang aking pag-unawa, nakita kong ito ay nakakabit sa teknolohiya at sa mismong kakayahan ng mga mag-aaral.

Sisimulan ko ito sa ***kahandaan ng guro***, partikular sa pag-angkop sa teknolohiya. Narinig ko ang pagbanggit ng isa, "*Hamon din sa guro na medyo may edad na… medyo mabagal…*" (IDI_K01, p1, L8), at ang isa pa'y tahasang nagsabi, "*di ako techy… kakainin nito ang oras…*" (IDI_K03, p1, L3). Sa mga salitang ito, malinaw kong nakita na ang paglipat sa *digital* na pamamaraan ay hindi pare-pareho ang naging epekto sa lahat. Para sa ilan, ito ay dagdag na gawain; para sa iba, ito ay hadlang na kailangang pagtagumpayan bago pa man magsimula ang aktuwal na pagtuturo. Lalong naging hamon ito nang hindi agad makuha ang mga materyales: "*huli na naibigay… hindi pa na-upload…*" (IDI_K07, P1, L30-32).

Mula rito, natural na umusbong ang ***hamon sa teknolohiya***. Habang umaasa ang mga guro sa online na sanggunian, hindi naman palaging matatag ang kanilang akses. "*Kailangan mo pa ng internet… kung hindi wala kaming magagawa*" (IDI_K07, P2, L64-65). Kahit pa may mga materyales na makatutulong sana sa pagtuturo, nagiging limitado

ang paggamit nito dahil sa oras at koneksiyon: "*ang ganda nito… pero kailangan mo talaga ang oras… implement kaagad*" (IDI_K01, P1, L8-9). Sa puntong ito, nakita ko na ang teknolohiya ay nagiging isa ring sagabal.

Sa kabila ng lahat ng ito, higit pang nahaharap ang guro sa ***konteksto ng mag-aaral***, partikular sa kakayahan sa wika. Sa aking pakikinig, tumimo sa akin ang pahayag na: "*limited yung bokabularyo ng mga bata sa Filipino…*" (IDI_K08, p3, L95-96). Sa sitwasyong ito, bago pa man maisakatuparan ang planong aralin, kinakailangan munang tugunan ang pundamental na kakulangan ng mga mag-aaral. Nakita ko rito na ang oras na sana'y nakalaan para sa pagpapalalim ay napupunta sa pagbabalik sa batayan.

Sa aking paglalakbay sa mga salaysay ng mga guro, ramdam ko ang bigat ng kanilang pagod at pag-aalinlangan habang sinisikap nilang itawid ang pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa gitna ng kulang na gabay, oras, at suporta. Sa aking pakikinig at pagninilay, tila ako rin ay nakikisabay sa kanilang araw-araw na pakikipagbuno sa isang sistemang sabay humihingi at nagkukulang. Mula rito, masasabi kong ang kanilang pagtuturo ay parang paglalakad sa makitid na tulay na gawa sa alon at hangin, kung saan ang bawat hakbang ay nangangailangan ng tiyaga, balanse, at pag-asa upang hindi tuluyang maputol ang daloy ng pagkatuto. Sa gitna ng pag-ugoy ng tulay, pag-alon ng sistema, at paghapdi ng kawalan ng sapat na sandigan, unti-unti kong naramdaman na ang unang humahawak sa kanilang balanse ay ang sariling kahandaan ng guro, isang panloob na lakas na nagsisilbing hawakan, pananggalang, at panimulang pundasyon bago pa man nila harapin ang mas malalaking alon ng estruktural, pedagohikal, operasyonal, at kontekstuwal na hamon.

### *Sariling Kahandaan sa Pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon*

Batay sa aking pakikipagdiskusyon sa mga kalahok, natukoy ko ang apat na pangunahing uri ng paghahanda ng mga guro sa Filipino sa pagharap sa transisyon ng Mabisang Komunikasyon: (a) estruktural, (b) pedagohikal, (c) akademiko at propesyonal na pagpapalalim, at (d) personal at metakognitibong paghahanda.

### *Estruktural na Paghahanda*

Sa kabila ng pabago-bagong kurikulum ilang linggo bago ang implementasyon, nagpursige ang mga guro na maiplano at maihanda ang kanilang pagtuturo isang linggo bago ang pasukan sa pamamagitan ng pag-unawa sa ***Gabay Pangkurikulum sa Mabisang Komunikasyon***, na nagsilbing pundasyon ng kanilang pagbuo ng aralin, direksiyon ng pagtuturo, at interpretasyon ng asignatura kung saan malinaw nilang ipinahayag, *"Kung ano yung nasa curriculum, yun lang ang sundin eh" (IDI-K04, p3, L114).* Dagdag pa,

> *"So ang ginawa ko sir, nag-base lang muna ako sa competencies, and then, pumili lang ako ng competencies… " (IDI_K08, p4, L135-137)*, at
> *"kasi yun yung nasa gawaing pagganap at pamantayang pangnilalaman… so wala tayong magawa kasi ito yung nasa competency" (IDI_K05, p3, L115-117)*,

Dagdag pa, aking natukoy na hindi lamang sa nilalaman ng *curriculum guide* nakaangkla ang paghahanda ng mga guro, kundi sa mas malalim na ***pag-unawa sa bisyon ng asignatura*** na hinubog ng kanilang aktuwal na karanasan sa pagtuturo, kung saan ang bawat pagpaplano ay tila pagsubok na hulaan at hubugin ang maaaring mangyari sa silid-aralan, gaya ng sabi ng kalahok 3 at 2:

> *"Sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon, mahalaga ang balanse ng teorya at praktika. Patuloy kong inaangkop ang aking estratehiya batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral at sa direksiyon ng kurikulum upang masiguro ang makabuluhan at napapanahong pagkatuto" (IDI-K03, p5, L197-200), at*
> *"Sa pagpaplano, kailangan talaga ng bisyon, at higit pa naman sa pagtuturo, kasi in general ang pagtuturo, ini-imagine o isinasaraharaya mo na ang maaaring mangyari sa klase" (IDI-K02,p3,L108-110)*

na sa aking pagdama ay nagpapakita ng isang masinsing proseso ng pag-angkop kung saan ang guro ay hindi lamang tagasunod ng kurikulum kundi aktibong tagapagbuo ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto.

### *Pedagohikal na Paghahanda*

Kasunod ng kanilang pag-unawa sa kurikulum, malinaw kong nasaksihan ang pag-usbong ng mas masinsing pedagohikal na paghahanda, isang yugto kung saan ang mga guro ay hindi na lamang sumusunod kundi aktibong bumubuo ng paraan kung paano ituturo ang Mabisang Komunikasyon. Sa aking pakikinig, ramdam ko ang kanilang pag-iingat at pagkamaparaan; sa aking pagtingin, masasabi ko na maingat na hinubog ang bawat aralin kahit walang malinaw na hulma; at sa aking pagdama, nariyan ang tahimik na pagpupunyagi na maitawid ang pagtuturo sa kabila ng kakulangan ng gabay.

Lumitaw ang kanilang ***sistematikong*** **pagpaplano ng pagtuturo**. Narinig ko kung paano sila kumapit sa mga umiiral na balangkas upang magkaroon ng direksiyon ang kanilang aralin:

> *"Pinapasunod pa rin dito sa school namin ang pag-follow ng DLL o dati namin na kung ano talaga yung sa DO 42, s. 2016, so ganoon pa rin ang sinusunod"* (IDI-K05,P4,L157-159); at *"Ang mga estratehiyang ginamit ko ay una, pagbabalangkas ng layunin batay sa kasanayan (knowledge, skills, values)" (IDI_K03,P3,L114-115).*

Sa aking nakita, ang mga balangkas na ito ang nagsilbing pansamantalang hulma ng modelong banghay-aralin. Ngunit sa aking naramdaman, hindi sapat ang simpleng pagsunod. Kinailangan nilang buoin mula sa simula ang daloy ng aralin upang matiyak ang ugnayan nito sa kompetensi.

Mula naman sa estruktura ng pagpaplano, natural na umusbong ang ***pagkamalikhain at pagkamapamaraan***. Sa aking pakikinig, paulit-ulit kong narinig ang salitang "*resourceful*," na tila naging sandata ng mga guro: "*Sa paghahanda, kinakailangan mong maging resourceful" (IDI-K04,P5,L195)* at *"Kailangang maging updated kasi kung hindi, wala ka ding magagawa, so kailangang maging resourceful"*

*(IDI_K07,P4,L159-160).* Sa akin ding nalaman, isinasalin ito sa aktuwal na gawain, pagdaragdag ng kalahok 6:

> *"Sa lesson proper nag-a-add ako ng pictures, videos, or additional na pagpapakahulugan… para ma-divert yung atensiyon nil ana hindi pabalik-balik yung topic." (IDI_K06,p4,L166-168)*

upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral. At sa aking naramdaman, dito ko napagtanto ang malikhaing pag-angkop.

Kasabay nito, naging kongkreto ang kanilang paghahanda sa ***pagbuo at pagsiguro ng materyales***. Sa aking pakikinig, naging malinaw ang lawak ng kanilang ginagawa: *"Maraming panahon ang dapat ilaan sa pagsasagawa ng PPT… pagpapaprint ng mga makapal na exemplars… learning activity sheets" (IDI-K03,p3,L111-113)*, at *"gumawa ng materials na pang-atin talaga na kung saan ba ito naka-align talaga" (IDI-K02,p4,L145-146).* Sa aking nakita, ang silid-aralan ay napupunan ng mga gamit mismong ang guro ang lumikha. At sa aking naramdaman, ito ay hindi lamang paghahanda para sa mag-aaral kundi isang paraan upang magkaroon sila ng kontrol at katiyakan sa daloy ng kanilang pagtuturo.

Panghuli, ang lahat ng ito ay nagtagpo sa ***paggamit ng 21st century skills*** bilang direksiyon ng kanilang pedagohikal na desisyon. Nalaman ko ang malinaw na intensiyon na lampasan ang tradisyonal na pagtuturo: *"Ang integrasyon ng 21st Century Skills gaya ng collaboration, critical thinking, digital literacy" (IDI-K03,p4,L152-153)* at *"gumagamit kami ng teknolohiya… makuha ang atensiyon ng mga bata… at yung skills nila gamit ang makabagong teknolohiya" (IDI-K05,p4,L162-165)*. Naisasabuhay ito sa mga gawain tulad ng simulasyon: *"isa sa mga estratehiyang ginawa ay yung pagkakaroon ng simulasyon… sa interbyung pampropesyonal" (IDI-K02,p4,147-148)*. At sa aking naramdaman, dito ko higit na naunawaan na ang kanilang paghahanda ay hindi lamang para maituro ang aralin, kundi upang maiparanas ang komunikasyon bilang kasanayang buhay.

### *Akademiko at Propesyonal na Pagpapalalim*

Dagdag pa sa nabuong tema ang akademiko at propesyonal na pagpapalalim na unti-unting lumitaw bilang isang mahalagang dimensyon ng kanilang kahandaan. Ito ang ***pagiging muling mag-aaral ng mga guro sa harap ng bagong kurikulum***. Hindi lamang nila inayos ang estruktura at pedagohiya ng pagtuturo; naramdaman kong binalikan nila ang pinakapuso ng asignatura—ang kaalaman.

> Sa kanilang mga tinig, may himig ng pag-amin at pagpapakumbaba:
> *"Ang mga paksa dito sa bagong kurikulum ay di naman bago, ngunit kailangan pa rin ang masusing pag-aaral kung paano ihahatid ang aralin sa mag-aaral" (IDI-K03,p4,L154-156);* at
> *"Mahalaga na maunawaan ng mga nasa administrasyon ang panahong igugugol ng guro… ang pagdulog na di naman bago ngunit kailangan din pag-aralan pa" (IDI-K02,p5,L181-185).*

Sa aking pagdama, ang pagbabalik-aral na ito ay hindi simpleng pag-uulit kundi isang sinadyang paghahasa, isang paghahandang tila pagpasok sa digmaan, gaya ng pahayag na "*So, dapat bago tayo pumunta sa isang giyera, dapat handa tayo parati… dapat napag-aralan natin yung mga possibleng questions" (IDI_K06,p6,L203-205)*. Dito ko nakita na ang pag-aaral muli ay nagsilbing unang hakbang upang mabuo ang kumpiyansa at linaw sa pagtuturo.

Mula sa personal na pagsisikap na ito, natural na umusbong ang kanilang paglapit sa mas malawak na ***propesyonal na pag-unlad***. Sa aking narinig, naging aktibo silang naghahanap ng dagdag na kaalaman sa labas ng silid-aralan: mga palihan, seminar, at pagsasanay na nagsilbing daluyan ng bagong ideya at estratehiya. Ilan sa kanilang pagbabahagi ay malinaw na naglalarawan nito:

> *"Yung palihan sa Filipino… maraming strategies na binigay sa amin na maaaring makatulong sa pagtuturo" (IDI-K05, p3,L120-122),*
> *"National training. One week before ng klase, doon pa lang nagsimula ang training" (IDI-K08,p4,L135-136)*, at
> "*First ay nagseminar kami kasama ang mga speakers from iba't ibang asignatura… at ito ay nangyari online" (IDI-K06,p3,L126-127)*.

Sa aking nakita, ang mga karanasang ito ay parang unti-unting pagbubukas ng panibagong lente sa kanilang pagtuturo—hindi lamang pagdaragdag ng kaalaman kundi paghubog ng mas malawak na pananaw.

***Personal at Metakognitibong Paghahanda***

Karagdagang tema mula sa aking pakikinig at pag-unawa sa mga salaysay ng mga guro, lumilitaw ang personal at metakognitibong paghahanda na hindi hiwalay na dimensyon ng pagtuturo kundi isang masalimuot na proseso ng paghubog sa sarili sa gitna ng transisyon; dito, ang guro ay hindi lamang tagapagpatupad ng kurikulum kundi isang kritikal na tagapagnilay na dumaraan sa patuloy na pagbalanse ng kawalan ng katiyakan, propesyonal na responsabilidad, at personal na pag-angkop.

Sa unang subtema ng kanilang metakognitibong disposisyon, malinaw ang pag-iral ng ***pagiging bukas sa pagbabago*** bilang mekanismo ng pedagohikal na pagkaya at adaptasyon. Sa kanilang mga tinig, mararamdaman ang bigat ng institusyonal na mandato at ang tahimik na pag-angkop dito:

> *"Kahit na medyo mahirap pero dahil guro tayo, hindi tayo puwedeng magreklamo. Gawin lang natin ang best natin" (IDI-K01,p4,L179-180),*
> *"Abrupt yung memorandum na kailangan talaga siyang sundin. So kailangan talagang mag-adapt na lang" (IDI-K07), at*
> *"Siguro huwag tayong maging masinop doon sa kakayahan nating tumuklas ng marami pang posibilidad hinggil sa pagtuturo ng paksang ito" (IDI-KO2,p5,L206-207)*

Pangalawa, mas malinaw na umuusbong ang ***pagiging proaktibo at replektibo*** bilang aktibong anyo ng pedagohikal na ahensiya, kung saan ang guro ay nagiging

tagapagdisenyo ng sariling solusyon sa harap ng kakulangan ng gabay at materyales. Sa kanilang karanasan, malinaw ang paggalaw mula sa pagninilay patungo sa aksyon:

> *"So, kami na lang maggawa ng paraan para at least mapunan kung anong kakailanganin sa competencies na para ibigay din sa mga bata" (IDI-04,p4, L157-158),*
> *"kailangan mo talaga siyang i-absorbed lahat bago ka makagawa ng sariling topics" (IDI-K07,p3, L130-131), "So ang ginagawa ko is kumukuha ako ng mga module sa internet… mino-modify" (IDI-K08,p4,L171-175),*
> at *"nagkakaroon ng evaluation doon sa klase… at yun nailalapat naman yun siya sa panibago" (IDI_K02,p5,L190-192);*

dito, ang proseso ng pagtuturo ay nagiging siklo ng pag-angkop at pagpipno, kung saan ang karanasan, obserbasyon, at ebalwasyo ay nagsasanib bilang batayan ng patuloy na pedagohikal na pag-unlad.

Natanto ko na ang kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ay nakaugat sa estruktural, pedagohikal, akademiko, at propesyonal at personal na metakognitibong paghahanda na sabay-sabay nilang hinubog upang maging makabuluhan ang pagkatuto. Parang mga panday na walang tigil sa paghahasa ng bakal, masinop nilang inilatag ang kurikulum, estratehiya, at sariling pagninilay upang matiyak na matibay ang sandata ng kanilang pagtuturo. Sa bawat tunog ng martilyo at bawat kislap ng apoy, naramdaman ko ang kanilang tahimik na pagpupunyagi. Isang sining ng pagtuturo na hinubog hindi lamang ng kaalaman kundi ng malasakit. Wari'y ako man ay humahawak ng martilyo at bakal, unti-unting hinuhubog ang aking kahandaan; at sa bawat hampas ng aking sariling pagninilay, nakikita ko ang paglapit ng oras kung kailan makakasabay ako sa tibay at talas ng mga guro sa pagtataguyod ng pagtuturo; at nakikita ko ang paglapit ng oras kung kailan makakasabay ako sa tibay at talas ng mga guro, lalo na't sa kanilang pandayan ay may mga apoy ng suporta mula sa paaralan, kapwa guro, at iba't ibang asignatura na patuloy ding magbibigay liwanag sa aking sariling paglalakbay sa pagtuturo ng mabisang komunikasyon.

### *Mga Suportang Natanggap*

Sa kabuoan ng aking pagsusuri sa mga salaysay, malinaw kong nakita at narinig na ang mga suportang natanggap ng mga guro ay hindi iisang daluyan kundi isang sabayang sistema ng tulong na unti-unting bumalot sa kanilang karanasan: isang institusyon, komunidad, at praktikal na mekanismo na magkakaugnay na umalalay sa kanilang pagharap sa transisyon. Sa bawat pagbanggit ng kanilang karanasan, naramdaman ko ang tensyon ng kawalan ng kumpletong kagamitan ngunit kapalit nito ang unti-unting paglitaw ng mga istrukturang sumalo sa kanilang paghahanda, na nagbigay ng direksyon at pagpapatuloy sa pagtuturo sa gitna ng pagbabago.

Sa antas ng ***institusyonal na suporta***, narinig ko ang pag-igting ng mga guro sa pagitan ng kakulangan at pag-asa, kung saan ang paaralan ang nagsilbing unang tagasalo ng kanilang pangangailangan sa pamamagitan ng mekanismong ***instruksiyonal at teknikal***. Ang mga pahayag na:

> *"Kung sa bagay, dahil high tech na ngayon, makakita kami doon sa google, makahanap. And doon sa paghahanap namin, parang nabigyan kami ng guide sa pagtuturo namin; kailangan lang namin na ang competencies ay ma-achieve namin" (IDI-KO1,p5,L215-218)*,
> *"Ang sinusunod namin sa aming paaralan ay yung ATG mula sa PEAC. Yun ang ginagamit namin bilang lesson plan" (IDI-06,p6,L230-231), at*
> *"Ang paaralan ay nagmungkahi na huwag maghintay doon sa magagawang aklat ng mga publisher. So, ang paaralan nag-suggest na magkaroon ng close referencing, maghanap sa library, anong puwedeng gamitin" (IDI-K02,p6,L237-238)*

ay naglalarawan ng isang sitwasyon kung saan ang guro ay kumakapit sa panimulang gabay habang unti-unting binubuo ang sariling pedagohikal na direksyon; kasabay nito, ang teknikal na suporta tulad ng

> *"at tsaka lahat ng guro dito sa amin ay gumagamit ng lapel at lahat ng classroom dito ay may smart TV. Given na rin ang printer ng school para sa activities" (IDI-K04,p5, L223-225)*

ay nagbigay ng konkretong presensiya ng tulong na naririnig sa tunog ng printer, nakikita sa liwanag ng screen, at nararamdaman sa tuloy-tuloy na daloy ng paghahanda, na nag-alis sa bigat ng pagkaantala sa pagtuturo.

Mula rito, mas malinaw kong naramdaman ang paglipat sa kolektibong dimensyon ng suporta sa anyo ng ***Professional Learning Community***, kung saan ang esensiya ng kapuwa guro sa pulong at ang sabayang pagtalakay sa pagbabahanghay ng aralin ay naging espasyo ng intelektwal na pag-angkla; ang mga pahayag na

> *"Kaya kami, yung mga kasamahan ko sa grade 11 ay inutusan ko silang mag-research ng mga ibang estratehiya, lalo na sa google drive… at nagkakaroon kami ng assignment sino ang gagawa ng lesson plan sa first grading and so on" (IDI-K04,p6,L227-228),*
> *"Thank God din sa kanila kasi hindi rin sila madamot sa pagbibigay ng mga kung ano ang mga kailangan, ano ang maaari nilang mai-share… nang sa gayon ang hamon ay hindi gaanong mabigat kasi nagtutulungan" (IDI-K07,p6,L245-247),* at
> *"Ang mabuti na lang kasi yung mga kapwa guro no kasama ko sa pagdidisenyo ng pilot implementation ay bukas rin… nagkakaroon PLC ang kaguruan" (IDI-K02,p5,L219-222)*

ay nagpapakita ng isang kapaligirang puno ng pakikinig, pagbabahaginan, at sabayang paghubog ng kahulugan, kung saan ang bawat ideya ay tila lumalawak sa bawat diskusyon at nagiging mas malinaw sa kolektibong pagninilay.

Dagdag pa rito, ang ***suporta mula sa ibang asignatura*** ay nagbukas ng mas malawak na daloy ng interdisiplinaryong karanasan na aking naramdaman bilang sabayang pagtatambal ng iba't ibang tinig at perspektiba sa loob ng isang akademikong espasyo; ang mga pahayag na *"May Job interview, mag-resume ano sila. So. Magsabay*

*sana kami kaso lang nakisabay sa kanila ang career and life skills na subject" (IDI-K05,p6, L408-409), "Gumagaan din ang ano niyan, sir... halimbawa, kung ako lang yung mag-implement ng kulminasyon ko, parang mabigat, pero kung marami kayo na teachers, subject, medyo gaan-gaan siya" (IDI-KO8,p6,L248-251),* at *"Sa tulong din ng co-teacher ko, mas gumaan ang trabaho" (IDI-K06,p6,L244)* ay nagpapakita ng pagdaloy ng tulong na hindi nakahiwalay sa disiplina kundi dumadaloy sa pagitan ng mga ito, na nagdudulot ng mas magaan at mas sistematikong implementasyon ng mga gawain.

Mula sa mga salaysay ng guro, malinaw kong naranasan na ang mga suporta mula sa institusyon at komunidad ng pagkatuto ay nagsanib bilang isang magkakaugnay na puwersa na unti-unting nagbigay-direksiyon at nagpapatatag sa kanilang pagtuturo sa gitna ng kakulangan at pagbabago; sa aking paningin, ang kanilang karanasan ay tila isang hardin na sabay-sabay na dinidiligan ng iba't ibang kamay, may lupang hindi ganap na handa, ngunit sa patuloy na pag-aaruga, ang mga usbong ay natutong bumuka at sumabay sa liwanag; at habang nararamdaman ko ang pagdilig, pag-ugat, at unti-unting pagyabong na ito, nasisilayan kong ang paglinang na ito ay huhubog sa mga susunod nilang hakbang, mga estratehiyang uugat sa pangangailangan ng mag-aaral, huhugot sa kakayahan ng guro, at huhubog sa mismong daloy at diwa ng aralin.

### *Suportang Natanggap ng mga guro sa Filipino upang Mapaghandaan ang Pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa Panahon ng Transisyon*

Ang seksyong ito ay naglalahad ng mga estratehiya na lumitaw mula sa karanasan ng mga guro sa Filipino habang isinasaayos nila ang pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa gitna ng transisyon. Mula sa aking pagsusuri ng datos mula sa mga kalahok ng pag-aaral, nabuo ang tatlong (3) pangunahing tema na naglalarawan ng kanilang ginawa upang maging epektibo ang pagtuturo.

### *Nakapokus sa Mag-Aaral na nakabatay sa 21st Century Strategies*

Sa aking pagdulog sa mga salaysay ng mga guro, unti-unting nabuo ang isang malinaw ngunit masalimuot na larawan ng kanilang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, isang larawang hindi lamang teknikal kundi buhay na buhay sa tunog ng interaksyon, galaw ng mga gawain, at damdaming kaakibat ng aktuwal na pagkatuto.

Sa antas ng ***Differentiated Instruction***, narinig ko kung paanong hinahati ng mga guro ang daloy ng aralin ayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang pahayag na *"May dalawang pagpipilian na gawain, maaaring magpa-perform o magpasulat… May visual, auditory, at kinesthetic na gawain" (IDI-K03,p8,L337-339)* ay hindi lamang paglalarawan ng opsyon kundi indikasyon ng isang silid-aralang humihinga sa pagkakaiba-iba; samantalang ang *"Differentiated. Mas mabisa yun siya…" (IDI-K07,p8,L357)* ay tila kumpirmasyon ng bisa nito sa aktuwal na karanasan. Sa ganang akin, ang ganitong lapit ay nag-alis sa katahimikan ng mga mag-aaral na madalas napag-iiwanan at pinalitan ito ng mas inklusibong espasyo ng pakikilahok.

Kasabay nito, ang pagpasok ng ***Game-Based Strategies*** ay nagbigay ng kakaibang sigla sa klase, parang maririnig ang halakhakan, mararamdaman ang tensyon

ng kumpetisyon, at makikita ang pag-angat ng atensiyon ng mga mag-aaral. Sa pahayag na, "*Game-based na mga approach… effective sa mga bata…" (IDI-K08,p8,L361-362),* malinaw na ang laro ay hindi lamang aliwan kundi isang sinadyang instrumento sa pagtuturo upang gawing aktibo ang pagkatuto.

Mula rito, natural na umusbong ang ***Collaborative Strategies***, kung saan ang silid-aralan ay naging isang komunidad ng sabayang pagkatuto. Sa aking imahinasyon, naririnig ko ang palitan ng ideya sa loob ng grupo, nakikita ang pag-ikot ng mga mag-aaral sa jigsaw activity, at nararamdaman ang unti-unting pagbuo ng kolektibong pag-unawa. Ito ay detalyadong inilarawan ng isang kalahok, *"So ang klase hahatiin mo… may representative na mag-iikot-ikot" (IDI-K02,p9,L373-378),* na nagpapakita ng dinamismong hindi na nakasentro sa guro kundi sa ugnayan ng mga mag-aaral. Sa ganitong konteksto, ang guro ay unti-unting umaatras bilang tagapagsalita at umuusad bilang tagapagpadaloy.

Lalong lumawak ang saklaw ng pagtuturo sa pamamagitan ng *Interdisciplinary/Integrative Strategies*, kung saan ang komunikasyon ay hindi na lamang aralin kundi isang kasanayang nakakabit sa iba't ibang larangan. Sa aking pag-unawa, ang mga gawaing tulad ng binanggit "*May job interview, mag-resume ano sila. So. Magsabay sana kami kaso lang nakisabay sa kanila ang career and life skills na subject" (IDI-K05,p9,L408-409)* ay tila nagbubukas ng silid-aralan patungo sa tunay na mundo. Ang pahayag na "*Gumagaan din… na-hit niyo rin ang target" (IDI-K08,p10,L419-422)* ay nagpapakita na ang kolaborasyon ay hindi lamang nagpapagaan ng gawain kundi nagpapalalim din ng pagkatuto.

Samantala, sa paggamit ng ***Multimodal Strategies***, malinaw kong nakita ang pagsabay ng iba't ibang anyo ng komunikasyon—ang liwanag ng screen, galaw ng video, at tunog ng presentasyon ay nagsasanib upang gawing mas malinaw ang konsepto. Ang mga pahayag tulad ng *"gumawa ng mga vlog… video…"(IDI-K08,p9, L367), "Vlog naman iyon, yun ay pagpapakita o yun ay pagsho-showcase ng kani-kanilang kultura dito sa loob ng paaralan, at ginamit ang multimodal"(IDI-K02,p9, L390-392),* at *"Ngayon kasi I know na lahat ng mga bata ay mayroong cellphone, at marunong na silang gumamit yung ilan ng canva.…"(IDI-K05,p8,L347-349)* ay nagpapakita ng pag-angkop ng pagtuturo sa *digital* na realidad ng mga mag-aaral. Sa aking pagdama, ang aralin ay hindi na lamang naririnig kundi nakikita at nararanasan.

Hindi rin nawala ang diin sa ***Higher Order Thinking Skills (HOTS)****,* kung saan ang pagkatuto ay itinaas mula sa simpleng pag-alala tungo sa mas malalim na pagsusuri at paglikha. Ang mga obserbasyon na:

> *"Maganda ang mga activities sa exemplar kasi relatable sa mga mag-aaral halimbawa, kaso ng flood control…" (IDI-K07,p10,L414-415)*
>
> *"Ano… na-acquire na nila yung skills nila. Parang naipakita nila doon na ito ang hilig naming dito may ano kami na contest para doon sa kanila tapos may roon din na halimbawa sa berbal sabayang pagbigkas," (IDI-KO8,p10,L423-235)*

*“Mga technology-based. Mga activity. Yun yung gusto nila na ito lang yung hinihingi mong output, lalo na sira sa mga STEM. Ito lang yung binibigay mong instruction, sapawan pa yan nila, sir.” (IDI-K05, p8,L350-352)*
*“Unlike sa ngayon ay pinagkaiba niya, yung bata mismo, kung ano yung lumabas sa utak niya siya mismo ang magsasalita sa gitna ng klase.” – IDI-K02*

ay nagpapahiwatig ng paglaya ng boses ng mag-aaral. Sa ganitong paraan, ang pagkatuto ay nagiging mas personal at makabuluhan.

Kaugnay nito, ang ***Inquiry-Based Strategies*** ay nagbigay-daan sa mas mapanuring pagkatuto. Sa aking pagninilay, ang mga mag-aaral na lumalabas upang makipagpanayam o gumagawa ng pananaliksik ay tila mga mananaliksik na hinuhubog sa loob ng silid-aralan. Ilang mga patunay:
*“Meron din na gumagamit sila halimbawa sa pananaliksik, nagbibigay din kami… so inquiry learning.” (IDI-K08,p8,L59-360)*

*“Then sa third quarter, yun naman ay papel-pananaliksik,” (IDI-K02,p9,L384-389)*

*“Halimbawa, may mga activities na ang mga bata ay kailangang lumabas para mag-interview, halimbawa, ng propesyonal…” (IDI-K05,p8,L353-354)*

Naririnig ko ang kanilang mga tanong, nakikita ang kanilang paghahanap ng sagot, at nararamdaman ang pag-usbong ng kanilang kuryosidad—isang malinaw na indikasyon ng aktibong pagkatuto.

Panghuli, ang ***Reflective Feedbacking*** ang nagsilbing tahimik ngunit makapangyarihang mekanismo ng paglinang. Sa mga pahayag tulad ng *“May reflection… bukas sa talakayan” (IDI-K05,p9-10,L410-411)* at *“naniniwala ako na ang relearning ay nangyayari doon sa feedbacking” (IDI_K02,p9,L396-397)*, naramdaman ko ang lalim ng pagninilay na nagaganap pagkatapos ng bawat gawain. Ang pagkatuto ay hindi nagtatapos sa output kundi nagpapatuloy sa pag-unawa sa sarili—kung saan ang mag-aaral ay natutong kilalanin ang sariling lakas at kahinaan.

Samakatuwid, ipinakita ng datos na ang mga guro ay gumagamit ng malawak na hanay ng ***21st century strategies*** upang gawing aktibo, makabuluhan, at kritikal ang pagkatuto ng mag-aaral sa panahon ng transisyon.

### *Mga Estratehiyang Para sa Pag-unlad ng Guro*

Dagdag pa sa temang natukoy, kapansin-pansin kung paano ang guro mismo ang naging sentro ng pagbabago sa panahon ng transisyon. Sa gitna ng kakulangan ng malinaw na gabay mula sa kurikulum, sila ang nag-isip, nagdisenyo, at nagpatupad ng mga estratehiya upang maisakatuparan ang layunin ng Mabisang Komunikasyon. Sa aking pag-unawa, ang kanilang karanasan ay hindi lamang simpleng pag-angkop, kundi isang anyo ng katatagan—kung saan ang kakulangan ay hindi naging hadlang kundi

naging puwang upang higit na maipamalas ang kanilang pagkamalikhain, pagiging mapamaraan, at kakayahang magdesisyon batay sa aktwal na sitwasyon ng kanilang klase.

Dito lumitaw na ang guro ay nagpakita ng ***pagiging malikhain, mapamaraan, at engaging***. Lumitaw ang silid-aralan bilang isang buhay na espasyo ng interaksyon. Naririnig ko sa kanilang mga pahayag ang paglipat ng boses—mula sa guro tungo sa mag-aaral—*"Not all the time kami ang magsasalita, bigay namin, sila talaga [ang dapat na magsalita]" (IDI-K04,p7,L281-282)*, na tila nagpapahiwatig ng pagbibigay-laya sa mga mag-aaral na maging aktibong kalahok. Kasabay nito, ang mga pahayag na *"kani-kaniya na lang kami gawa ng mga kung ano-anong resources" (IDI-K07,p7,L306-307)*, *"Natutuhan kong mag-adjust pa sa makabagong generation,"(IDI-K01,p6,L262), "And then facilitator of the class, of course parati tayong engaging." (IDI-K06,p7,L301)* ay sumasalamin sa isang sitwasyong walang ibinigay na hulma, kaya't ang guro mismo ang humuhulma. Ang pagkamalikhain dito ay hindi dekorasyon ng pagtuturo kundi mismong sandigan nito—isang tugon sa kakulangan at sabay na paraan upang gawing makabuluhan ang pagkatuto.

Mula sa indibidwal na paglikha, lumawak ang espasyo ng pagtuturo sa pamamagitan ng ***interdisciplinary collaboration sa performance tasks***. Sa aking pag-unawa, ang kolaborasyong ito ay parang pagsasanib ng iba't ibang tinig na unti-unting bumubuo ng mas buo at mas kontekstuwalisadong karanasan ng mag-aaral. Ang pahayag na *"puwede siyang magkabangga sa life and career skills…" (IDI-KO8,p8,L319-322)* at ang pagtutugma ng proyekto sa kasaysayan *(IDI-KO5,p7,L288-291)* ay nagpapakita ng pagdaloy ng kaalaman sa pagitan ng mga disiplina. Sa aking pagdama, ang ganitong ugnayan ay hindi lamang nagpapagaan ng gawain kundi nagpapalawak ng kahulugan ng komunikasyon.

Kasabay nito, naging malinaw ang kahalagahan ng **pagdisenyo ng banghay-aralin na akma sa bilang ng oras ng klase**, kung saan ang oras ay hindi lamang limitasyon kundi isang balangkas na humuhubog sa desisyon ng guro. Naririnig ko ang diin sa pagiging maingat at mapili, *"Ang bawat gawain ay kinakailangan magaan lamang at matatapos sa loob ng dalawang oras [sa isang linggo]" (IDI-K03, p7,L273-276)*, at *"Nasigurado ko na ang aking lesson plan ay saktong isang oras lang [sa isang sesyon]" (IDI-K04,p7,L285)* na tila nagpapakita ng disiplina sa pagpili kung ano ang mahalaga. Sa aking pagtingin, ang ganitong pagdidisenyo ay hindi simpleng pag-iikli ng aralin kundi isang sinadyang pagtuon sa esensiya nito, kung saan ang bawat bahagi ay may malinaw na layunin at direksiyon.

Sa aktuwal na implementasyon, higit pang lumitaw ang pagiging dinamiko ng pagtuturo sa pamamagitan ng ***agarang pagbabago ng estratehiya***. Sa aking pakikinig, naramdaman ko ang bilis ng pag-angkop—ang sandaling hindi gumana ang plano at agad itong pinapalitan. Ang pahayag na *"on the process… magsabi din kasi minsan ang mga bata…" (IDI-K05,p7,L292-296)* ay nagpapakita ng isang guro na nakikinig, hindi lamang nagtuturo. Sa ganitong paraan, ang pagtuturo ay nagiging isang patuloy na negosasyon sa pagitan ng plano at realidad. Ang *"…kinakailangan ko agad mag-adapt…"*

*(IDI-K06,p7,L304)* ay hindi lamang pahayag ng pangangailangan kundi indikasyon ng isang mataas na antas ng pagiging bukas sa pagbabgo at agarang pagtugon.

### *Mga Estratehiyang Nakapokus Sa Aralin*

Sa kabuoan ng mga naibahaging danas, lumilitaw din na ang paghahanda ng mga guro ay hindi lamang nakatuon sa kanilang sarili bilang tagapagturo, kundi higit sa mismong aralin bilang instrumento ng pagkatuto. Ang mga estratehiyang ito ay nagpapakita kung paano nila hinubog ang nilalaman mula sa pag-unawa, pag-oorganisa, hanggang sa pag-aangkop nito sa konteksto ng mga mag-aaral. Kaugnay ito ng kanilang estruktural at pedagohikal na paghahanda, kung saan ang pag-intindi sa kurikulum ay isinasalin sa konkretong anyo ng aralin.

Sa ***pag-unpack ng mga kasanayan***, narinig ko ang paulit-ulit na pagbabalik ng mga guro sa pinakapundasyon ng kurikulum, ang competencies, na kanilang hinimay, inisa-isa, at binigyang-kahulugan upang maging konkreto sa aktuwal na pagtuturo. Ang mga pahayag na *"nag-base lang muna ako sa competencies…"* (IDI-K08,p7,L317-318), *"Mula sa competencies, kailangan ko pang i-unpack ito" (IDI-K04,p7,L280)*, at "… kami lang din ang naglatag ng paksa" (IDI_K02,p6,L263-266) ay nagpapakita ng isang guro na hindi lamang tumatanggap ng nilalaman kundi aktibong nagtatakda ng direksiyon nito. Ang prosesong ito ay parang tahimik na paglalatag ng mapa—kung saan ang dating abstraktong layunin ay nagiging malinaw na landas na susundan sa loob ng silid-aralan.

Mula sa pag-unawa sa competencies, natural na sumunod ang ***pagdesisyon ng angkop na gawain***, kung saan ang guro ay pumipili ng mga karanasang tunay na makabuluhan sa mag-aaral. Sa aking pakikinig, naramdaman ko ang pag-iingat sa bawat pagpili *"pinag-iisipan at pinipili ko muna ang gawain…" (IDI-K04,p7,L283-284)* na tila isang masusing pagtitimbang kung alin ang pinakamalapit sa realidad ng mga bata. Sa ganitong paraan, ang aralin ay hindi nananatiling teoretikal kundi nagiging buhay—nakikita sa karanasan, nararamdaman sa pakikilahok, at naiuugnay sa pang-araw-araw na sitwasyon.

Kasabay nito, ang ***maagang paghahanda ng kagamitan*** ay nagbigay ng konkretong anyo sa kanilang pedagogical na intensiyon. Sa aking imahinasyon, naririnig ko ang pagpitik ng keyboard, ang pag-imprenta ng mga papel, at ang tahimik na oras ng pagbuo ng slides at modules—mga gawaing hindi nakikita sa klase ngunit bumubuo sa pundasyon nito. Ang pahayag na *"kailangan pang mag-research, maghukay…" (IDI-K08,p8,L323-325)* at

> *"Gumawa ng hakbang yung kasamahan, kami mismo, sa paggawa ng pagdisenyo ng pang-whole year na.. anong tawag nito, sa curriculum mapping, mas ginawa siyang… gumawa ng materials na pang-atin talaga na kung saan ba ito naka-align talaga." IDI-K02,p6,L268-271)*

ay nagpapakita ng proaktibong paghahanda. Sa aking pagdama, ang mga materyales na ito ay hindi lamang panturo kundi simbolo ng kanilang kontrol at kumpiyansa sa gitna ng kawalan ng opisyal na gabay.

Sa gitna ng kakulangan, lumitaw ang ***paggamit ng sanggunian mula sa lumang kurikulum*** bilang isang anyo ng pagtutulay. Narinig ko ang pag-uugnay ng nakaraan at kasalukuyan sa pahayag na:

> *"And another one is may mga libro din kasi dito kami sir na yung wika at komunikasyon, pagbasa at pagsusuri, so kumukuha din ako doon, and then kinokombayn po sa topic o sa powerpoint para I mas malawak ang pagtuturo ng topic." (IDI-K08,p8,L326-328)*
> *"Oo, sir halimbawa sa tono ang komunikasyon na naituro dati sa KomPan ay nagamit man namon." (IDI-K05,p7,L297-298)*

na nagpapakita ng malikhaing pag-aangkop ng dati nang kaalaman. Sa aking pag-unawa, ang prosesong ito ay hindi simpleng paghiram kundi isang sinadyang rekontekstuwalisasyon.

Higit pang naging makabuluhan ang pagtuturo sa pamamagitan ng ***lokalisasyon at kontekstuwalisasyon***, kung saan ang aralin ay inilapit sa realidad ng mag-aaral. Sa aking pagdama, ang silid-aralan ay tila lumalawak—mula sa apat na sulok nito patungo sa komunidad—sa pamamagitan ng mga gawain na nakaangkla sa barangay, paaralan, at pang-araw-araw na karanasan. Ang mga pahayag tulad ng:

> *"Kaya iyan nga ang sabi namin na parang kino-contextualize at localize namin na swak or ano sa learning ng mga bata." IDI-K05,p7,L299-300)*
> *"So, ano ba yung mga panukalang proyekto doon sa lesson na mga kinakailangan sa barangay niyo, sa school niyo." IDI-K08,p9,L368-369*
> *"Sa Contextualized at Situational Activities, naggamit ang mga sitwasyong may kaugnayan sa tunay na buhay (hal. job interview, meeting, online communication)." IDI-K03,p7,L277-279)*
> *"Contextualized and localized, sa lesson exemplar, activity sheet siyempre standard din siya. Though, kailangan naming iayon siya sa kung anong meron sa atin na makikita lang dito." IDI-K07,p7,L314-316)*

ay nagpapakita ng pagsasanib ng kaalaman at buhay. Sa ganitong paraan, ang pagkatuto ay hindi lamang nauunawaan kundi nararanasan at naisasabuhay.

Sa kabuoan, sa aking pagsusuri, ang mga estratehiyang ito ay nagpapakita ng isang magkakaugnay na daloy, mula sa analitikal na paghimay ng *competencies*, patungo sa maingat na pagpili ng gawain, konkretong paghahanda ng materyales, malikhaing paggamit ng lumang sanggunian, at kontekstuwalisadong paglalapat ng aralin. Sa aking pagdama, ang guro ay hindi lamang tagapagturo kundi isang tagapagdala ng kahulugan—isang tagapagdisenyo ng karanasang pang-edukasyon na nakaugat sa realidad, pangangailangan, at posibilidad ng kanyang mga mag-aaral. Sa gitna ng kakulangan, ang kanilang pagkamalikhain, pagkamapamaraan, at malasakit ang nagsilbing tunay na balangkas ng epektibong pagtuturo.

## Buod ng mga Natuklasan

Ang sumusunod ay pagbubuod ng mga resulta ng aking pag-aaral:

1. **Estruktural, Pedagohikal at Teknikal na Hamon.** Natuklasan ko sa sitwasyon ng kahandaan ng mga guro sa Filipino sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon ay binubuo ng estruktural na hamon na kinapapalooban ng kakulangan ng kagamitang panturo bilang sandigan ng pagtuturo at kalituhan sa estruktura ng kurikulum; pedagohikal na hamon na tumutukoy sa pag-uulit ng kasanayan, kalabuan ng paksa, at pangamba sa misinterpretasyon; operasyonal na hamon na binubuo ng limitasyon ng oras, hamon sa pagpili ng angkop na gawain, kawalan ng malinaw na direksyon, at hindi pagtutugma ng teaching load; at kontekstuwal at teknikal na hamon na sumasaklaw sa kahandaan ng guro, hamon sa teknolohiya, at konteksto ng mag-aaral.

2. **Personal at Propesyonal na Paghahanda.** Natuklasan ko sa personal na kahandaan ng mga guro sa Filipino sa pagtuturo ang estruktural na paghahanda na nakatuon sa Gabay Pangkurikulum sa Mabisang Komunikasyon at pag-unawa sa bisyon ng asignatura; pedagohikal na paghahanda na sumasaklaw sa sistematikong pagpaplano ng pagtuturo, pagkamalikhain at pagkamapamaraan, pagbuo at pagsiguro ng materyales, at paggamit ng 21st century skills; akademiko at propesyonal na pagpapalalim na tumutukoy sa pagiging muling mag-aaral ng mga guro sa harap ng bagong kurikulum at kanilang patuloy na propesyonal na pag-unlad; at personal at metakognitibong paghahanda na kinapapalooban ng pagiging bukas sa pagbabago, pagiging proaktibo, at replektibo sa sariling pagsasanay ng pagtuturo.

3. **Suportang Propesyonal ng mga Guro sa Filipino.** Natuklasan ko sa mga suportang natanggap ng mga guro sa Filipino ay ang institusyonal na suporta na kinapapalooban ng instruksiyonal at teknikal na tulong, ang *Professional Learning Community* at ang suporta mula sa ibang asignatura.

4. **Estratehiya ng mga Guro sa Pagpapatupad ng Kurikulum.** Natuklasan ko sa estratehiya sa pag-angkop at pagpapatupad ng mga guro sa Filipino sa pagtuturo ay ang nakapokus sa mag-aaral na nakabatay sa *21st Century Strategies* na kinapapalooban ng *differentiated instruction, game-based strategies, collaborative strategies, interdisciplinary/integrative strategies, multimodal strategies, higher order thinking skills (HOTS), inquiry-based strategies,* at *reflective feedbacking*; mga estratehiya para sa pag-unlad ng guro na sumasaklaw sa pagiging malikhain, mapamaraan, at *engaging*, *interdisciplinary collaboration* sa *performance tasks*, pagdisenyo ng banghay-aralin na akma sa bilang ng oras ng klase, at agarang pagbabago ng estratehiya; at mga estratehiyang nakapokus sa aralin na binubuo ng pag-unpack ng mga kasanayan, pagdesisyon ng angkop na gawain, maagang paghahanda ng kagamitan, paggamit ng sanggunian mula sa lumang kurikulum, at lokalisasyon at kontekstuwalisasyon.

## DISKUSYON

Sa kabanatang ito, tinalakay ko ang naging resulta ng pag-aaral hinggil sa suliraning kinakaharap ng mga guro sa Filipino kaugnay sa kahandaan sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa *Senior High School Curriculum transition* batay sa kanilang

pananaw. Batay sa aking pakikipanayam sa walong (8) guro matapos ang isang taong pag-implementa, natuklasan kong sabay-sabay nilang hinarap ang proseso ng pag-aangkop sa bagong kurikulum sa gitna ng iba't ibang hamon bago at habang isinasagawa ang pagtuturo. Mula sa kanilang salaysay, lumitaw ang mga temang kaugnay ng hamon, paghahanda, suportang natanggap, at estratehiya sa pag-aangkop.

Gamit ang lente ni Schlossberg na Transition Theory (1981), tiningnan ko ang pananaw ng mga guro sa Filipino bilang isang multidimensyonal na proseso ng pagbabago kung saan ang tagumpay sa transisyon ay nakasalalay sa apat na aspekto: ang hamon sa sitwasyon (*situation*), ang kanilang paghahanda (*self*), ang kagamitang mayroon sila (*support*), at ang kanilang kakayahan sa pagharap sa hamon (*strategies*). At mula sa aking pagsusuri, malinaw na ang mga guro ay hindi lamang basta umaangkop sa bagong kurikulum, kundi aktibong nagdidisenyo at nagpapatupad ng mga estratehiya upang maisakatuparan ang layunin ng Mabisang Komunikasyon.

Sa bawat pangunahing tema at kaugnay na temang tatalakayin sa diskusyong ito, aking inilahad kung paano nagkakaugnay ang kanilang mga pananaw sa teoretikal na batayan.

**Estruktural, Pedagohikal at Teknikal na Hamon**

Natuklasan ko sa sitwasyon ng mga guro sa Filipino sa paghahanda at pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon ay estruktural na hamon na kinapapalooban ng kakulangan ng kagamitang panturo bilang sandigan ng pagtuturo at kalituhan sa estruktura ng kurikulum; pedagohikal na hamon na tumutukoy sa pag-uulit ng kasanayan, kalabuan ng paksa, at pangamba sa misinterpretasyon; operasyonal na hamon na binubuo ng limitasyon ng oras, hamon sa pagpili ng angkop na gawain, kawalan ng malinaw na direksyon, at hindi pagtutugma ng teaching load; at kontekstuwal at teknikal na hamon na sumasaklaw sa kahandaan ng guro, hamon sa teknolohiya, at konteksto ng mag-aaral.

Ang aking mga natuklasan ay sinusuportahan ang pag-aaral nina Palestina et al. (2020), na nagsasabing ang mga guro ay humaharap sa kakulangan ng learning materials, kalituhan sa implementasyon ng kurikulum, at magkakaibang interpretasyon ng mga gabay na nagdudulot ng hindi pagkakapare-pareho sa pagtuturo tuwing mayroong pagbabago sa kurikulum. Dagdag pa, ang aking pag-aaral ay kinukumpirma ang pag-aaral ni Yamota (2025), na nagpatunay na ang kalabuan ng kurikulum at komplikasyon sa implementasyon ay nagdudulot ng pagkalito at hindi pagkakapare-parehong interpretasyon ng mga guro tuwing mayroong pagbabago sa kurikulum.

Sa kabilang banda, ang resulta ng aking pag-aaral ay pinabubulaanan ang pag-aaral ni Bihag at Apolinario (2025) na nagsasaad na ang *Strengthened SHS Curriculum* ay nagdulot ng *enhanced learner engagement* at *supportive learning environment*, na nagpapakita ng kabuoang katagumpayan na pagpapatupad ng kurikulum tuwing mayroong pagbabago dito.

## Personal at Propesyonal na Paghahanda

Natuklasan ko sa personal na kahandaan ng mga guro sa Filipino sa pagtuturo ang estruktural na paghahanda na nakatuon sa Gabay Pangkurikulum sa Mabisang Komunikasyon at pag-unawa sa bisyon ng asignatura; pedagohikal na paghahanda na sumasaklaw sa sistematikong pagpaplano ng pagtuturo, pagkamalikhain at pagkamapamaraan, pagbuo at pagsiguro ng materyales, at paggamit ng 21st century skills; akademiko at propesyonal na pagpapalalim na tumutukoy sa pagiging muling mag-aaral ng mga guro sa harap ng bagong kurikulum at kanilang patuloy na propesyonal na pag-unlad; at personal at metakognitibong paghahanda na kinapapalooban ng pagiging bukas sa pagbabago, pagiging proaktibo, at replektibo sa sariling praktis ng pagtuturo.

Ang aking mga natuklasan ay sinasang-ayunan ang pag-aaral ni Garma (2024), nagsasaad na sa implementasyon ng MATATAG *curriculum* ang mga guro ay nagpakita ng katatagan, pagiging responsable, mapamaraan, at adaptibo sa implementasyon ng bagong kurikulum. Dagdag pa, ang resulta ng aking pag-aaral ay kinukumpirma ang pagkakahalintulad na pag-aaral nina Friales, et al. (2022), na nagsasaad na tinatangkilik pa rin ng mga guro na mapananatiling malapit sa kanilang *support system*, pagtanggap sa sitwasyon, patuloy na pagsasanay, at kolaboratibong pagkatuto, na kaakibat ng kanilang layunin para sa mga mag-aaral na malinang ang katapatan, kaalaman, at inspirasyon sa kabila ng pagbabago ng sining ng pagtuturo.

Sa kabilang banda, ang aking natuklasan ay sinasalungat ng pag-aaral ni Ormilla (2025), na tumukoy na bagama't may kamalayan ang mga guro sa mga pamantayang pangpropesyonal, nananatiling limitado ang kanilang kahandaan sa aktuwal na aplikasyon ng pagtuturo, partikular sa pag-aangkop ng aralin, pamamahala ng klase, at paggamit ng inklusibong estratehiya, na nagpapahiwatig na ang kahandaan ay hindi pa ganap na naisasalin sa epektibong pagsasanay.

## Suportang Propesyonal ng mga Guro sa Filipino

Natuklasan ko sa mga suportang natanggap ng mga guro sa Filipino ay ang institusyonal na suporta na kinapapalooban ng instruksiyonal at teknikal na tulong, ang *Professional Learning Community* at ang suporta mula sa ibang asignatura. Ang aking mga natuklasan ay sinusuportahan ang sarbey ng Organisation for Economic Co-operation and Development (2021), na nagsasaad na ang mas mataas na antas ng *pedagogical knowledge* na naibibigay ng mga sistematikong suporta sa loob ng institusyon ay nakababawas sa *stress* ng mga guro at nakatutulong sa kanilang pag-angkop sa mga pagbabago sa kurikulum.

Dagdag pa, ang aking mga natuklasan ay sinusuportahan ang pag-aaral ni Clark et al. (2023), na nagsasaad na ang *Professional Learning Community* ay nakatutulong sa pagpapalaganap ng kolaboratibong pagkatuto, pagbabahagi ng kaalaman, at pagpapaunlad ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo sa loob ng institusyon, kung saan ang mga guro ay nagiging mas kumpiyansa at epektibo sa pagganap ng kanilang tungkulin dahil sa patuloy na suporta at kolaborasyon sa kapwa guro at iba pang yunit ng paaralan. Ipinapakita nito na tuwing mayroong pagbabago sa kurikulum, ang

pagkakaroon ng malinaw na institusyonal na suporta at kolaboratibong mekanismo tulad ng PLC at inter-subject support ay nagiging mahalagang salik upang mapatatag ang kakayahan ng guro sa pagtuturo at mapagaan ang mga hamon sa implementasyon.

Gayunpaman, ang aking pag-aaral ay hindi sumasang-ayon sa pag-aaral batay sa isang *curriculum evaluation study* nina Lingatong et al. (2025) na may pamagat na *Teaching through Transition: What Influences Teachers' Practices amidst Curriculum Reform?*, ang epekto ng reporma sa kurikulum sa aktuwal na pagtuturo ay kadalasang hindi direktang naipapakita ng *institutional* at *collaborative supports*, sapagkat mas nangingibabaw sa panandaliang panahon ang mismong disenyo ng kurikulum sa paghubog ng layunin ng pagkatuto, habang ang pagbabago sa pedagohikal na kasanayan at kolaboratibong kultura ay unti-unting lumilitaw sa mas mahabang panahon ng implementasyon.

**Estratehiya ng mga Guro sa Pagpapatupad ng Kurikulum**


Natuklasan ko sa estratehiya sa pag-angkop at pagpapatupad ng mga guro sa Filipino sa pagtuturo ay ang nakapokus sa mag-aaral na nakabatay sa *21st Century Strategies* na kinapapalooban ng *differentiated instruction, game-based strategies, collaborative strategies, interdisciplinary/integrative strategies, multimodal strategies, higher order thinking skills (HOTS), inquiry-based strategies, at reflective feedbacking; mga estratehiya para sa pag-unlad ng guro na sumasaklaw sa pagiging malikhain, mapamaraan,* at *engaging, interdisciplinary collaboration* sa *performance tasks*, pagdisenyo ng banghay-aralin na akma sa bilang ng oras ng klase, at agarang pagbabago ng estratehiya; at mga estratehiyang nakapokus sa aralin na binubuo ng pag-unpack ng mga kasanayan, pagdesisyon ng angkop na gawain, maagang paghahanda ng kagamitan, paggamit ng sanggunian mula sa lumang kurikulum, at lokalisasyon at kontekstuwalisasyon.

Ang aking mga natuklasan ay sinusuportahan ang pag-aaral nina Ligan at Tacadena (2022), na nagpapatunay na ang mga makabagong estilo sa pagtuturo ay may makabuluhang ugnayan sa paglinang ng *21st-century learning* at *innovation skills* ng mga mag-aaral, kung saan ang guro ay kinakailangang lumipat mula sa tradisyonal na tagapaghatid ng impormasyon tungo sa pagiging *facilitator* ng pagkatuto. Ipinapakita nito na ang implementasyon ng mga estratehiyang nakapokus sa mag-aaral tulad ng inquiry-based, collaborative, at problem-centered approaches ay may direktang kaugnayan sa pag-unlad ng kritikal na kasanayan ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda naman, ang aking mga natuklasan ay sinusuportahan din ang pag-aaral ni Ortiz at Aliazas (2021) na nagsasaad na ang paggamit ng *multimodal representation strategies* sa pagtuturo ay nakapagpapataas ng *scientific inquiry* skills at nagpapabuti sa pag-unawa ng mga mag-aaral, kung saan ang mga aralin ay nagiging mas interaktibo, biswal, at nakabatay sa aktuwal na karanasan ng pagkatuto.

Gayunpaman, ang aking mga natuklasan ay kinokontra ang pag-aaral nina Sellier at Penching (2020), at pinupunto na bagama't mahalaga ang *differentiated instruction* sa pagtugon sa pagkakaiba-iba ng mag-aaral, nananatili pa rin itong mahirap at nakakaubos

ng oras para sa mga guro dahil sa komplikadong daloy ng klase at sabayang gawain, na nagiging sanhi ng limitasyon sa agarang at tuloy-tuloy na pagpapatupad nito sa aktuwal na silid-aralan.

***Binagong Paradigm***




**Talaguhitan 2.** Binagong Paradigma sa Kahandaan sa Pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa *Strengthened Senior High School Curriculum Transition*

## Konklusyon

Ipinakita ng mga natuklasan na ang mga estruktural, pedagohikal, operasyonal, at kontekstuwal na hamon na naranasan ng mga guro sa Filipino sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon ay naging daan upang higit nilang paigtingin ang kanilang personal at propesyonal na paghahanda sa pamamagitan ng pag-unawa sa kurikulum, pagpapaunlad ng pedagohikal na kakayahan, at pagiging bukas sa pagbabago. Kaugnay nito, naging mahalaga rin ang suportang propesyonal mula sa institusyon, kapwa guro, at *Professional Learning Community* bilang sandigan sa pagharap sa mga pagbabago at limitasyon sa implementasyon ng kurikulum. Bunga nito, nakabuo ang mga guro ng iba't ibang estratehiyang nakapokus sa mag-aaral, pag-unlad ng guro, at pag-angkop ng aralin upang maging mas epektibo, makabuluhan, at kontekstuwalisado ang pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa gitna ng transisyon ng kurikulum.

## Rekomendasyon

Batay sa aking mga natuklasan, ang mga tagapagsagawa at tagapag-implementa ng gabay pangkurikulum lalo na sa Mabisang Komunikasyon sa ilalim ng *Strengthened Senior High School Curriculum* ay maaaring maglaan ng mas malinaw na gabay pangkurikulum, sapat na kagamitang panturo, at tuloy-tuloy na suporta upang maitaguyod ang pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon. Sa pamamagitan nito, nakikita ko na ito ay kritikal hindi lamang sa pagpapaunlad ng aralin kundi na rin ang patuloy na propesyonal na pag-unlad at pagiging bukas sa pagbabago upang mapalakas ang aking kahandaan at kakayahang umangkop sa implementasyon ng kurikulum.

Dagdag pa para sa hinaharap na pag-aaral, maaaring gamitin ang *Multiple Linear Regression* upang matukoy ang mga salik na pinalolooban ng sitwasyon, sariling kahandaan, suporta, at estratehiya na may malaking impluwensiya sa kahandaan ng mga guro sa Filipino sa pagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa ilalim ng bagong kurikulum. Dagdag pa, maaaring gamitin ang *Exploratory Factor Analysis (EFA)* upang masuri ang mga nakalap na datos mula sa *pilot schools* upang matukoy ang mga hamong estruktural, pedagohikal, at operasyonal na kinakaharap ng mga guro sa panahon ng transisyon. Panghuli, maaaring ipagpatuloy ang paggamit ng *Structural Equation Model (SEM)* upang bumuo ng isang komprehensibong balangkas na mag-uugnay sa suportang institusyonal at mga estratehiya ng guro tungo sa matagumpay na implementasyon ng *Strengthened Senior High School Curriculum*.

## Pagsunod sa Pamantayang Etikal

Bago ko isinagawa ang pag-aaral, kumuha ako ng pormal na pahintulot mula sa DepEd Division Offices ng Koronadal at South Cotabato at sa mga punong-guro ng mga *pilot school*, at nakatanggap din ako ng *ethical clearance* mula sa *Society of Moral Integrity and Legal Ethics (SMILE)* ng HCDC upang matiyak ang pagsunod sa mga pamantayang etikal ng pananaliksik. Ipinaliwanag ko sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang proseso, at ang kanilang mga karapatan kabilang ang boluntaryong partisipasyon at karapatang umatras anumang oras, at nakakuha ako ng kanilang *informed consent*, habang gumamit ako ng koda o bansag at inalis ang anomang impormasyong makapagtutukoy sa kanila upang mapanatili ang kanilang pagiging kumpidensyal, alinsunod sa *Data Privacy Act of 2012 (RA 10173)*, at siniguro ko rin ang pagiging mapagkakatiwalaan ng datos sa pamamagitan ng pagpapanatili ng daloy sa buong proseso ng pananaliksik. Ginamit ang *ChatGPT* sa pag-aaral na ito bilang instrumento sa pagsasaayos ng balarila, pagbabaybay, at pagsasalin.

## Pasasalamat

Lubos ang pasasalamat ng mananaliksik sa lupon ng tagapagsuri *(peer reviewers)* ng publikasyong ito sa paglaan ng panahon upang masuri at mapahusay ang kalidad ng papel na ito. Sa tagapayo ng mananaliksik, Prop. Estrella B. Salazar, EdD, sa paggabay at pagsuporta hanggang maisapublikasyon ang pananaliksik na ito. Sa kaguruan sa Filipino na nagtuturo ng Mabisang Komunikasyon sa mga piling paaralan sa ilalim ng *pilot*

*implementation* ng *Strengthened Senior High School,* sa pagtanggap ng imbitasyon bilang mga kalahok at sa pagbabahagi ng inyong pananaw at karanasan sa pagtuturo. Sa mga balideytor ng gabay na talatanungan, mga propesor sa Filipino masterado sa Holy Cross of Davao College Graduate School, mga kaibigan, at kapuwa guro sa Notre Dame of Marbel University IBED Senior High School, maraming salamat.

## REFERENCES

Ancho, I., & Bongco, R. (2019). Exploring Filipino teachers' professional workload. Journal of Research, Policy & Practice of Teachers and Teacher Education, 9(2), 19–29. https://doi.org/10.37134/jrpptte.vol9.no2.2.2019

Bernardo, A. B. I., Wong-Fernandez, B., Macalaguing Jr., M. D., & Navarro, R. C. (2020). Filipino senior high school teachers' continuing professional development attitudes: Exploring the roles of perceived demand amid a national education reform. Journal of Research, Policy & Practice of Teachers and Teacher Education, 10(2), 63–76. https://doi.org/10.37134/jrpptte.vol10.2.5.2020

Bihag, A. M., & Apolinario, R. C. (2026). CIPPO Evaluation of Early Student Learning Outcomes in the First-Level Implementation of the Strengthened SHS Curriculum. Ennoia Advances in Social Science, Technology and Education, 2(01), 4-19. https://doi.org/10.5281/zenodo.18334624

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101.

Cailo, J., Almanzor, K., & Ricaforte, R. (2025). Teacher burnout in inclusive classrooms in the Philippines. Philippine Journal of Education, 28(1), 44–60.

Chin, J. M.-C., Ching, G. S., del Castillo, F., Wen, T.-H., Huang, Y.-C., del Castillo, C. D., Gungon, J. L., & Trajera, S. M. (2022). Perspectives on the barriers to and needs of teachers' professional development in the Philippines during COVID-19. Sustainability, 14(1), 470. https://doi.org/10.3390/su14010470

Clark, A. M., Zhan, M., Dellinger, J. T., & Semingson, P. L. (2023). Innovating Teaching Practice Through Professional Learning Communities: Determining Knowledge Sharing and Program Value. Sage Open, 13(4). Doi: https://doi.org/10.1177/21582440231200983

Colorafi, K. J., & Evans, B. (2016). Qualitative descriptive methods in health science research. HERD: Health Environments Research & Design Journal, 9(4), 16–25. https://doi.org/10.1177/1937586715614171

Darling-Hammond, L., Hyler, M. E., & Gardner, M. (2017). Effective teacher professional development. Palo Alto, CA: Learning Policy Institute.

DepEd (2023). General Shaping Paper: MATATAG Curriculum.

Department of Education. (2025). Pilot implementation of the strengthened senior high school curriculum for grade 11 in school year 2025–2026 (DepEd Memorandum No. 048, s. 2025). deped.gov.ph

Escasinas, J. (2025). Mathematics teachers' workload and stress in Lapu-Lapu City.

Etikan, I., Musa, S. A., & Alkassim, R. S. (2016). Comparison of Convenience Sampling and Purposive Sampling. American Journal of Theoretical and Applied Statistics, 5, 1-4.https://doi.org/10.11648/j.ajtas.20160501.11

Friales, W. C., Pama, C. J. D., Umadhay, M. J. L., Labuaya, C. Z. A., Carreon, K. M. G., Gregorio, D. D. D., & Manansala, D. A. E. (2022). Braving the Waves: Issues and Coping of College Teachers in the Online Pedagogy. International Journal of Qualitative Research, 2(1), 82–92. https://doi.org/10.47540/ijqr.v2i1.584

Gamalo, R., & Abellana, M. (2025). Teacher burnout and curriculum transition in

Malaybalay City schools. Bukidnon Educational Research Journal, 7(1), 11–28.
Garma, J. C. (2024). Beyond the four walls: Teachers' experience in championing the MATATAG curriculum. International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence (IMJRISE). 1(9), 39-41. Doi: 10.5281/zenodo.13667710
Harris, J., & Smith, L. (2023). Teacher experiences during the national curriculum transition in secondary education: A systematic review. Journal of Educational Change, 24(1), 45–68. https://doi.org/10.1007/s10833-022-09435-8
Kvale, S., & Brinkmann, S. (2009). InterViews: Learning the Craft of Qualitative Research Interviewing (2nd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage.
Ligan, H. C., & Tacadena, J. E. (2022). Teaching styles in relation to 21st century learning and innovation skills of students. International Journal of Research Studies in Education, 11(8), 117-121. https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.316
Lingatong, E. E., et al. (2025). Teaching through transition: what influences teachers' practices amidst curriculum reform? Philippine Institute of Development Studies. No. 2025-45, December 2025.
Lim, C., & Tan, P. (2022). Professional development and teacher readiness during curriculum reforms in Singaporean schools. Asia Pacific Journal of Education, 42(3), 321–338. https://doi.org/10.1080/02188791.2021.1956789
Kim, H., Sefcik, J. S., & Bradway, C. (2017). Characteristics of qualitative descriptive studies: A systematic review. Research in Nursing & Health, 40(1), 23–42. https://doi.org/10.1002/nur.21768
Marshall, C., & Rossman, G. B. (2016). Designing qualitative research (6th ed.). Sage Publications.
Nowell, L. S., Norris, J. M., White, D. E., & Moules, N. J. (2017). Thematic analysis: Striving to meet the trustworthiness criteria. International Journal of Qualitative Methods, 16(1), 1–13.
Organization for Economic Co-operation and Development (2021). Teachers and school leaders as lifelong learners. OECD Publishing. https://www.oecd.org/education/teachers-and-school-leaders-as-lifelong-learners-2021.pdf
Ormilla, R. C. G. (2025). Bridging the gap: a qualitative analysis of the Philippine professional standards for teachers and teaching internship experiences of practice teachers. International Journal of Learning, Teaching and Educational Research. 24(9), pp. 509-522. doi: https://doi.org/10.26803/ijlter.24.9.25
Ortiz, A. M., and Aliazas, J. V. (2021), Multimodal representations strategies in teaching science towards enhancing scientific inquiry skills among grade 4 (September 15, 2021). IOER International Multidisciplinary Research Journal. Volume 3 Issue 3, pp. 107-118, Available at SSRN: https://ssrn.com/abstract=3986686
Pakdee, P., Chaiyawat, S., & Rattanapong, P. (2025). Teacher burnout and readiness during curriculum reforms in Thailand: Implications for educational policy. Thai Journal of Educational Research, 15(2), 77–95.
Palinkas, L. A., Horwitz, S. M., Green, C. A., Wisdom, J. P., Duan, N., & Hoagwood, K. (2015). Purposeful sampling for qualitative data collection and analysis in mixed method implementation research. Administration and Policy in Mental Health, 42(5), 533–544.
Palestina, R. L., Pangan, A. D., & Ancho, I. V. (2020). Curriculum implementation facilitating and hindering factors: The Philippines context. International Journal of Education, 13(2), 91-92. doi:10.17509/ije.v13i2.25340
Parker, D. (2021). Teacher preparedness and stress during curriculum overhaul in regional Australia. Australian Journal of Education, 65(4), 450–467. https://doi.org/10.1177/00049441211012345
Patton, M. Q. (2015). Qualitative research & evaluation methods (4th ed.). Sage Publications.

Sandelowski, M. (2000). Whatever happened to qualitative description? Research in Nursing & Health, 23(4), 334–340. https://doi.org/10.1002/1098-240X(200008)23:4<334::AID-NUR9>3.0.CO;2-G

Schlossberg, N. K. (1981). A model for analyzing human adaptation to transition. The Counseling Psychologist, 9(2), 2–18. https://doi.org/10.1177/001100008100900202

Sellier, N., & Penching, A (2020). "How Peripheral Interactive Systems Can Support Teachers with Differentiated Instruction: Using FireFlies as a Probe." Proceedings of the 2020 ACM Designing Interactive Systems Conference, edited by ACM, 2020, pp. 1117–29. Dis '20. Crossref, https://doi.org/10.1145/3357236.3395497.

Teacher Education Council. (2024). Teacher Education Roadmap 2025–2035. https://tec.deped.gov.ph/news/tec-advances-roadmap-2025-2035-anchors-teacher-development-in-national-education-reform

Yamota, N. Y. B. (2025). Challenges in the adoption process of the revised K to 10 curriculum. International Journal of Research and Scientific Innovation. 12(5), 33-61. doi: https://doi.org/10.51244/IJRSI.2025.12050006

**APA Citation:**

Bansawan, R. G., & Salazar, E. B. (2026). KAHANDAAN SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG MABISANG KOMUNIKASYON SA STRENGTHENED SENIOR HIGH SCHOOL CURRICULUM TRANSITION. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(5), 2504–2533. https://doi.org/10.5281/zenodo.20428569

*ralph.bansawan@hcdc.edu.ph*
*estrella.salazar@hcdc.edu.ph*